# Sabi ni Bonggay

Isang Maikling Kuwento

**Natalia Go**



Editor:

**MRR Arcega**

# Sabi ni Bonggay

Isang Maikling Kuwento

Natalia Go

Editor:

MRR Arcega

Cover Illustration: Natalia Go

*Ang kuwentong ito ay kathang-isip, ngunit may mga eksenang halaw sa tunay na buhay. Walang sinasadyang pagkakahawig ang karakter ni "Bonggay" sa sinumang tao, buhay man o patay.*

# I. Nasaan Si Bonggay?

Hindi ko na mahanap si Bonggay. Halos dalawang dekada na ang nakaraan mula noong huli ko siyang makita. Sinubukan ko siyang hanapin online - sa Facebook, sa LinkedIn…pero hindi sa Twitter o sa Instagram kasi hindi siya ‘yong tipong gagamit ng mga ‘yon.

Nag-dropout ako sa college on my fourth year. Sa totoo lang, hindi ko na maalala kung ako ba ang unang umalis o siya. Paborito kong prof si Miss Bonggay. Siya kasi ang nagtuturo ng English at world literature sa university namin noon. Mahilig akong magbasa at magsulat. Pero hindi lang ‘yon ang dahilan kung bakit siya ang pinakagusto kong prof.

Sabi ni Bonggay, ang pinakamakahulugan daw na paglalakbay ay kadalasan ‘yong ganap na nakahiwalay sa nakaraan. Minsan daw, kailangan mo munang hayaan ang sarili na mawala para matagpuan ito. Ang pinag-uusapan namin noon ay ang librong *The Solitaire Mystery* ni Jostein Gaarder, tungkol sa ina na iniwan ang kanyang mag-ama para hanapin ang sarili. Kung saan-saan napunta ang mag-ama para hanapin siya. Naisip ko…hindi kaya tumatakas si Bonggay sa mundo? Pero bakit? At saan siya nagpunta? Wala ring mga senyales na gagawin o ginawa niya ‘yon. Minsan ko na kasing nakita ang Facebook profile ng asawa niya. Matagal na ang huling post pero merong pictures nila. Kung talagang nawawala siya, meron sigurong clue sa profile ng asawa niya.

Oo, minessage ko ‘yong account. Nagpakilala ako at sinabi ko na gusto ko lang makausap ang dati kong propesor. Pero ni hindi niya ito nabasa. Wala na ring update sa profile niya.

Nasaan si Bonggay? Nagtanong-tanong na rin ako sa mga dating kaklase, ibang profs, at sa dati kong school. Walang makapagsabi sa akin kung nasaan siya. Siguro iniisip ng iba, bakit ko pa hahanapin ang isang college prof ngayong may buhay naman ako at marami nang ibang ginagawa? Nakapag self-publish na rin ako ng ilang libro. Bakit ko nga ba hinahanap si Bonggay? Hindi rin kami close. Hindi ko masasabing naging magkaibigan kami. Professor siya, student ako. Pero gusto ko parin siyang makita, kahit makausap ko lang siya nang saglit.

# II. Mag-alay sa Altar ng Mga Patay na Tala

"Dead Stars" by Paz Marquez Benitez ang pinaka-memorable sa akin sa mga required reading namin kay Bonggay. Manghang-mangha ako sa pagkakasulat nito. Naalala ko kasi 'yong high-school love interest ko na nauwi lang sa wala, pero madalas ko pa ring isipin ng mga panahong 'yon. Pero hindi ko siguro na-appreciate nang buo ang kuwento kung hindi tinalakay ni Bonggay kung ano ba talaga ang ibig sabihin nito.

Tanghaling tapat ang klase ko sa world literature. Third year college. Dumating si Miss Bonggay na dala ang mga photocopy sa bond paper at ipinamahagi sa amin ang mga kopya ng maikling kuwento. Hindi ko kilala si Benitez, wala pa akong nababasa sa mga akda niya. Hindi kasi ako na-expose sa Filipino writers kaya wala akong alam sa local works. Wala akong idea kung tungkol saan ang kuwento.

Binigyan niya kami ng ilang minuto para basahin ito nang tahimik at pagkatapos ay nagsimula na siyang

magtanong. Meditative sa akin ang activity na ito. Lagi akong excited tuwing magbabasa kami sa klase at sa discussion.

Madalas akong umupo sa umahan. Maliit kasi ako at hirap akong mag-focus kapag malayo sa blackboard at sa prof. Bored ang buong klase. Hindi ko maintindihan kung bakit parang dalawa o tatlo lang kaming interesado sa usapan. Wala halos nagtataas ng kamay para sumagot o magtanong man lang tungkol sa kuwento. Nakita kong frustrated na siya sa reaksyon ng mga kaklase ko. Kaya nag-contribute ako at nagbahagi ng mga saloobin. Siguro ay naengganyo na ring magsalita ang ilan sa mga kaklase ko dahil may ilang na sumali sa usapan pagkatapos noon.

Unti-unti, nakita kong ngumingiti na si Bonggay. Mali ang interpretation naming lahat sa kuwento, pero hindi na mukhang frustrated si Bonggay. Kitang-kita ko ang excitement sa mga mata niya, kung paanong napag-isip niya kami at napa-"aaahhh" noong napagtanto kung ano ba talaga ang sinasabi ni Benitez.

Sabi niya, minsan daw ay dala-dala natin ang mga multo ng mga tao at pangyayari kahit matagal na nating iniwan ang mga 'yon. Saglit na nagmasid si Bonggay sa bintana, nakatingin sa malayo sa mga puno sa labas. Ilang minuto rin bago siya humarap muli sa amin.

"The tragedy isn't that Alfredo lost Julia—it's that he built a shrine to something that never truly existed," sabi ni Bonggay. English ang mode of instruction sa amin sa St. Paul QC, pero hindi naman siya istrikto kaya madalas ay nakakapag-usap parin kami ng Tagalog. "Remember this: nostalgia is a beautiful liar. The people we remember aren't the people who exist now. 'Yong mga taong nag-move on na sa buhay natin, alam n'yo 'yan," biro niya, "pinipilit pa rin natin to keep them frozen in time," gigil na gigil niyang sinabi. Sa wakas ay nagkaroon na rin ng reaksyon sa iba kong kaklase. May mga

tumawa, nagtuksuhan, at nagbulungan. “Ladies,” sabi niya, “the true act of love is sometimes to let these dead stars fade and to seek out new constellations.”

Hindi kaya isang patay na tala lang si Bonggay sa akin? Hindi kami involved romantically at wala rin akong nararamdaman na ganoon para sa kanya. Pero hindi kaya inilagay ko siya sa isang altar nang walang kabuluhan? Kahit ngayon, masasabi kong hindi naman siguro. Marami talaga akong natutuhan kay Bonggay. At kung isa man siya sa mga patay na tala sa buhay ko, saan naman ako maghahanap ng ibang konstelasyon?

Nag-ring ang bell para sa lunch break. Lumabas na ang iba kong kaklase. Gusto ko pa sanang kausapin si Bonggay tungkol sa kuwento pero nagmamadali siyang umalis. Nalaglag ang ilang mga papel na hawak niya kaya tinulungan ko na lang siyang pulutin ang mga ito.

Hindi masyadong nakikipag-usap si Bonggay sa mga estudyante. Hindi siya ‘yong ganoong klase ng propesor. Pero madalas kong mabalitaan na nakikipagkwentuhan siya sa iba outside the school, may kasama pang yosi na bawal na bawal sa college namin, kahit pa sa labas. Minsan naikuwento niya na maraming estudyante ang pilit siyang kinakausap sa corridor para itaas ang kanilang grades. Akala niya siguro ‘yon ang pakay ko kahit hindi naman ako ni minsan bumagsak sa klase niya. May ilang sandali na tumigil siya at tila naghintay kung may sasabihin ako. Pero hindi ako nakapagsalita.

Kung makakausap ko ngayon si Bonggay, isa lang naman ang gusto kong sabihin tungkol dito. Gusto kong sabihin, “Miss…ang ganda ng kuwento.”

# III. Huwag Tumambay sa Balic-Balic

Lumaki ako sa Balic-Balic Sampaloc, Manila, kung saan ay ubod ng gulo ang mga kalsada at tao. Dito ko naranasan na may naghahabulan ng itak sa gitna ng gabi. Maririnig ko nalang ang mga kapitbahay na nagsisigawan. Madalas, ay ang asawa 'yon ni Aling Goreng, 'yong nagtitinda ng pandesal sa bakery, mga tatlong bahay ang layo mula sa amin.

Minsan, naikuwento ni Bonggay na may mga estudyante siyang nasira ang pag-aaral dahil sa pagtambay sa lugar na 'yon. Sabi ni Bonggay, huwag na huwag daw kaming tatambay dyan sa Balic-Balic. Naintindihan ko naman kung bakit.

Sa totoo lang, hindi ko na maalala ngayon kung doon parin ako nakatira sa Balic-Balic ng mga panahong 'yon. Maraming beses kasi akong nagpalipat-lipat ng tirahan. Pero 'yon ang hometown ko. Hindi ko na lang binanggit sa klase.

Madalas din magkuwento si Bonggay tungkol sa buhay niya, pero hindi ko rin maalala kung saan siya lumaki. Naisip ko ngayon, bakit kaya niya alam ang lugar na kinalakihan ko? Saan naman niya nalaman ang tungkol sa Balic-Balic? Hindi kasi pang-Balic-Balic ang school ko…alam mo na, medyo mahal at exclusive pa. Dati kaya siyang tambay din doon? Pero ang impression ko ay mayaman ang pamilya niya. Hindi siguro siya 'yong tipong napadpad sa gano'ng lugar. Ibig sabihin, hindi ko rin siya pwedeng hanapin sa Balic-Balic. Saan kaya naglalagi si Bonggay?

Minsan na akong nakabalik sa Balic-Balic, pero hindi sa mismong lugar kung saan ako lumaki. Noong lumipat ako sa Quezon City pagkatapos ng pandemic, minsang nag-crave ako ng bulalo doon sa may N. Ramirez. Kaya sinamahan ako ng girlfriend ko para kumain ulit ng sinigang na bulalo doon. Saglit

na napaisip ako na puntahan ang dati naming bahay…tingnan kung ano na'ng hitsura ng lugar at kalye kung saan ay natuto akong magbisikleta at mag-roller skates.

Pero…sabi ni Bonggay, huwag daw tatambay sa Balic-Balic kaya sa ibang lugar na lang kami nagpunta pagkatapos kumain. Babalik pa kaya si Bonggay?

# IV. Mga Katha at Sapantaha ng Isang Makata

Kung susuriin kong mabuti ang aking puso kung bakit ko nga ba hinahanap si Bonggay, hindi siguro satisfying ang magiging sagot para sa mga magbabasa nito. Hindi ko masasabing nagbago ang buhay ko nang makilala ko siya.

Pero…minsan pinangarap kong maging isang tanyag na manunulat. Masarap pa ring isipin na pwedeng mangyari sa akin 'yon, pero sa edad ko, alam kong maraming mas mahahalagang bagay kesa roon.

Bata pa ako nang magsimula akong magsulat ng tula. Gamit ang lapis at iba't ibang klaseng mga notebook ay sumulat din ako ng maraming kuwento. Kung minsan, nasasama ang mga akda ko sa school paper. Dahil siguro sa mga taong nagustuhan ang mga sinulat ko noon ay nagkaroon ako ng kaunting tiwala sa sarili na pwede akong maging ganap na author in the future.

Pero hindi 'yon ang pangarap ng mga magulang ko sa akin. Psychology ang naging course ko nung college. Isang pre-med course na pwede kong gamitin kung gusto kong maging doktor. Mabuti na lang at required ang subject na literature sa

college. Hindi man creative writing ang course ko, kahit papaano, naipagpatuloy ko ang pag-aaral kong magsulat.

Minsan, binigyan kami ni Bonggay ng assignment para gumawa ng maikling kuwento. Ang sinulat ko ay isang crime drama na merong kaunting comedy. Hindi siya kagaya ng mga required readings namin. I had fun writing it. Pero natakot akong hindi niya maa-appreciate kaya binago ko ang assignment ko at dahil wala na akong time para mag-isip, ginaya ko nalang 'yong kuwento ni D.H. Lawrence na "The Rocking Horse Winner". Iniba ko nang kaunti ang plot at characters. Pero in essence, ganoon pa rin ang tema at mga scenes.

Tandang-tanda ko kung paano niyang pinuri ang kaklase ko sa gawa niya noong maibalik na ang assignment sa amin. At tandang tanda ko rin kung paanong sinabi niya sa buong klase na ang pinakamagagandang kuwento ay 'yong original at hindi 'yong kinopya lang sa iba.

Hindi niya sinabi na may gumawa noon sa klase. Hindi niya ako pinangalanan. Pero alam ko na ako ang tinutukoy niya.

Pagkatapos noon ay sumulat ako ng iba pang mga kuwento kahit walang assignment. Sinubukan kong ipabasa sa kanya outside of class. Sabi ko, gusto ko lang makita niya 'yong gawa kong hindi kinopya sa iba. Pero hindi niya ito in-entertain.

Hanggang ngayon, pinagsisisihan ko na hindi ko naipakita sa kanya ang una kong gawa. Sana ay nagkaroon ako ng mas malaking tiwala sa sarili at lakas ng loob para ipasa 'yon. Nasaan na kaya ang kuwento na 'yon? Ano kaya ang naging reaction niya kung 'yon ang nabasa niya?

Sabi ni Bonggay, walang dapat ikahiya kung ang isusulat mo ay galing sa sariling karanasan o ideya, kahit hindi ka siguradong magugustuhan ito ng iba.

“Sylvia Plath once said everything in life is writable about if you have the outgoing guts to do it, and the imagination to improvise,” sabi ni Bonggay.

Hindi ko naman ipipilit na ipabasa kay Bonggay ang mga gawa ko ngayon. Hindi ko rin siya hinahanap para lang magpaliwanag. Hindi ko alam kung bakit hinahanap ko si Bonggay.

## V. Ligaw na Rosas

Ilang buwan din ang lumipas matapos akong bumisita malapit sa Balic-Balic. Halos hindi ko na iniisip si Bonggay. Pero isang araw, nagpunta kami ng girlfriend ko sa Tagaytay para mag-unwind ng ilang araw. Nag-rent kami ng Airbnb malapit sa Ayala Malls Serin dahil picturesque ang view at malapit sa mga kainan. Naisip kong bumili ng mga chichirya at prutas sa grocery doon habang natutulog ang girlfriend ko.

Pumipili ako ng avocado sa isang stall nang marinig ko ang boses ng isang babae sa kabilang aisle. Ang lakas ng tawa. Napatingin ako dahil isang tao lang ang kilala ko na may ganoong timbre at lakas ng boses.

Hindi ako makapaniwala. Kamukhang kamukha ni Bonggay ang babae, kahit na ibang-iba ang style ng damit niya.

“Bakit ko naman sasabihin sa ‘yo?!” sigaw niya. “Ikaw napakatsismosa mo talagang bruha ka.”

Nagtawanan naman ang mga tao sa paligid niya. Mukhang mga bata…mukhang estudyante.

“Sorry na, miss,” sabi ng isang dalaga.

“Sige na bumalik na kayo doon. Kayo talaga, mga wala kayong magawa sa buhay!”

Dali-dali kong tinulak ang dala kong pushcart para puntahan sila. Naglakad si Bonggay papunta sa cashier. Pero napahinto ako nang makita kong iba na ang kasama niya. Isang lalaki ang nag-abot sa kanya ng bata, mga tatlong taong gulang. Pero hindi kamukha ng picture ng asawa niya na nakita ko sa Facebook. Hindi ko marinig ang usapan nila pero mukha naman silang masaya.

Hindi ko maintindihan kung bakit hindi nalang ako lumapit at nagpakilala. Para bang may pumipigil sa akin. Hanggang sa nakapagbayad at umalis na sila. Hahabulin ko sana, pero bumalik nalang ako sa aisle na pinanggalingan nila. May naiwang ilang estudyante roon. Nilapitan ko.

“Hello,” bati ko. “Sorry, pero hinahanap ko kasi ang dati kong prof. Si Miss Bonggay ba ‘yong kausap ninyo kanina?”

“‘Yong maingay?” Sabi ng isang babae at pagkatapos ay nagtawanan ulit sila.

“Oo.”

“Ahh…si Miss Reyes? Kilala mo siya?”

“Reyes…” sabi ko. Hindi ‘yon ang apelyido ng asawa niya sa Facebook. Naghiwalay kaya sila? “Prof ko kasi siya dati noong college. Bonggay ang tawag namin sa kanya.”

Nagkibit-balikat ang ilan sa kanila.

“Basta si Miss Rosa Reyes ‘yon.”

“Gano’n ba?” sabi ko. “Okay, salamat ha. Ah…saang school pala kayo?”

Binigay nila ang pangalan ng high school na hindi ko kilala. Pero umaasa ako na sapat na ‘yon para hanapin siya.

Nag tricycle ako pabalik ng Airbnb dala ang mga pinamili ko. Alam kong hindi Rosa at walang “Rosa” sa pangalan ni Bonggay kailanman. Tulog pa ang girlfriend ko pagdating ko, kaya itinabi ko muna sa ref ang mga pinamili ko at binuksan ko ang laptop ko. Hinanap ko ang pangalang “Rosa Reyes” sa website ng high school na binganggit nila. Nakita ko ang picture ni Bonggay. Nakasuot ng light blue uniform, nakangiti, at nakaupo nang mahinahon.

Ni minsan, hindi ko nakitang umupo nang maayos si Bonggay kahit sa teacher’s chair niya. Pero ibang-iba ang tindig niya sa larawan. Nag-zoom in pa ako sa image. Hindi ako maaaring magkamali. May ilang dagdag na linya sa mukha niya. Marami na ang mga puting buhok. Pero sigurado ako. Natagpuan ko na si Bonggay.

Bakit siya naligaw sa Tagaytay? Bakit isang high school? At bakit Rosa ang tawag nila sa kanya?

# VI. Ang Pilosopo

Aalis na kami kinabukasan kaya tinanong ko sa girlfriend ko kung pwede ba kaming bumisita sa school para subukang kausapin si Bonggay. Alam niyang matagal ko nang hinahanap ang dati kong prof kaya pumayag siya.

Biyernes ng umaga noon kaya sigurado akong may pasok. Tinulungan ako ng girlfriend ko na hanapin online kung saan ang klase ni Rosa Reyes ng ganoong oras. Hindi ko na lang sasabihin kung paano namin ito nakita. Umakyat ako sa third floor, at naghintay sa pintuan ng classroom. Nandoon na si Bonggay, nagsusulat sa blackboard. Wala pang mga bata sa

loob. Meron pang mga kinse minutos bago magsimula ang klase.

Pero…hindi ako makalapit. Hindi ako makapagsalita o makapagpakita man lang. Pinanood ko muna siya habang nagsusulat sa blackboard. Sa unang pagkakataon mula nang makita ko siya sa grocery, nagduda ako kung si Bonggay nga talaga ito.

Hindi literature o grammar ang mga nakasulat sa pisara. Kundi mga quotes mula sa mga unang pilosopo. Ang una kong nakita ay mula kay Socrates.

"The unexamined life is not worth living."

Marami pang iba, gaya ng mga tanong na ni minsan ay hindi niya pinagkainteresan sa buong panahon na nakilala ko siya.

"Can an action be moral if the intention is wrong?"

Nakatayo ako sa pinto nang makita ako ni Bonggay. Hindi maitatanggi na nakilala niya ako kahit pa maikli na ang buhok ko ngayon. Hindi siya nagtanong kung may kailangan ako. Pero kitang-kita ko ang magkahalong lungkot at galit sa mukha niya. Tila sinasabing "Bakit ka nandito?"

Kaya tumakbo ako pabalik sa baba at sinabi ko sa girlfriend ko na umuwi na kami.

"Ano'ng nangyari?" sabi niya.

Sinabi kong ipapaliwanag ko na lang mamaya, pero kailangan ko ang tulong niya para maliwanagan muna ako.

Isang bagay ang hindi namin nagawa noong hinanap namin si Rosa Reyes online. Nakalimutan naming tingnan kung anong subject ang itinuturo niya. Kaya sinubukan naming alamin kung anong klase nga ba ang hawak ni Bonggay ngayon.

Wala sa official website. Pero may mga nakita kaming post sa social media na naka-public sa ilang estudyante.

"With the best ethics teacher," sabi ng isang caption.

# VII. Pasasalamat

Sabi ni Bonggay minsan, ang ethics daw at philosophy ay mga magagarbong salita lamang na walang silbi kundi pag-isipin tayo nang walang kabuluhan.

Ang pinag-uusapan namin noon ay ang *To Kill a Mockingbird* na isinulat ni Harper Lee.

Hindi tahimik ang klase nang araw na 'yon. Meron kasing nakisit-in mula sa ibang section na ubod ng daldal. Mahigit twenty minutes na siyang nakikipagdebate sa dalawa kong kaklase tungkol sa Chapter 11, kung saan ay kinukuwestiyon niya ang moral courage ni Atticus. Up to that point, tahimik lang si Bonggay.

"Alright, enough!" sabi ni Bonggay. "Drained na drained na ako listening to all your yapping. Alam n'yo, ladies, the best conversations I've had with students happened over cigarettes behind the faculty building, not here. And not wasting my time discussing some categorical imperative. Life is meant to be lived, not analyzed to death!"

Hindi ko na ulit hinanap si Bonggay. Lagi niyang sinasabi sa amin na huwag mag-overthink kapag pinauusapan namin ang mga kuwentong pinapabasa niya. Inisip ko na lang...isa lang ito sa mga kuwento niya. And that's that. Hindi na ko nag-overthink.

Minsan ding sinabi ni Bonggay, "There's a difference between missing someone and needing them to stay the same. One is gratitude, the other is selfishness."

Masaya ako na nakilala ko si Bonggay kahit sa loob lang ng classroom, kahit sa ilang taon. Kaya kung nababasa mo ito, Miss Bonggay, salamat.